ANG BISA AT HINAHARAP NG LAPIT NA *DISASTER DIPLOMACY* SA KASAYSAYANG PANGKAPALIGIRAN NG PILIPINAS: ISANG INISYAL NA PAGTATASA

Ma. Florina Orillos-Juan
Pamantasang De La Salle, Maynila

Abstrak:

Dinadalumat ng papel na ito ang lapit na *disaster diplomacy* sa pag-aaral ng mga *natural disaster* na palagiang lumilitaw at nagdudulot ng kapinsalaan sa iba't ibang parte ng Pilipinas. Isa itong panimulang hakbang ng may-akda na gumawa ng pagtatasa ukol sa kaakmaan at kaangkupan ng naturang lapit upang lalo pang unawain ang mga kinaharap na *disaster* ng mamamayang Pilipino. Sa huli, pagmumunian kung paano lalo pang makatutulong ang disiplina ng kasaysayan sa pagpapalawak ng naturang balangkas konseptuwal.

Mga susing salita: *Natural disaster, Disaster diplomacy,* Kasaysayang Pangkapaligiran ng Pilipinas

Isa ang Pilipinas sa mga bansa sa buong mundo na maituturing na palagiang nakararanas ng mga sakuna, partikular na yaong mga hatid ng kalikasan. Bunga ng posisyon at lokasyong geograpikal nito, madalas na dinaranas ng mga mamamayan ang bagyo, lindol, paglitaw ng mala-higanteng mga alon, pagbaha, pagguho ng lupa at tagtuyot. Ang mga ganitong uri ng kalamidad sa mga nakaraang panahon ay nakatala sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa panahon ng kolonyalismong Español, ang mga prayle at kawani ng gobyernong kolonyal ang umatupag sa gawaing ito. Halimbawa, magpahanggang sa kasalukuyan, may mga *legajo* o bunton ng dokumento sa Pambansang Sinupan na tungkol sa *Calamidades Publicas, Terremotos, B(V)aguios (sic), Langostas*. Ang *Observatorio del Ateneo Municipal* ay itinatag ng mga Heswita noong 1865 na ang unang gawain ay obserbahan ang lagay ng panahon.[1] Taong 1879 nang magsimula itong magbigay ng babala ukol sa padating na bagyo at isang taon pa ang lumipas, nagtala na rin ang naturang tanggapan ng mga lindol. Sa pamamagitan ng isang *real decreto* na inilabas noong 1884, ginawa itong sangay ng gobyernong kolonyal at tinawag na *Observatorio Meteorologico de Manila*. Noong 1887, nagbukas ang observatoryo ng seksyon ng tanggapan na nag-aaral ng seismolohiya

at nong 1899 naman ay sinimulan na mag-aral ng astronomiya. Samantala, sa panahon ng kolonyalismong Amerikano, opisyal na itinatag sa pamamagitan ng Act No. 131 ng *Philippine Commission* ang *Philippine Weather Bureau* noong 1901.[2] Ang mga gawain ng sangay na ito ng gobyernong kolonyal na Amerikano ay nagpatuloy hanggang sa mabalam bunga ng pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nalimas lahat ng mga kagamitan at tala na nalikom ng tanggapan nang ito ay bombahin ng mga Hapon. Pagkatapos ng giyera, lumikha ang pambansang pamahalaan ng hiwalay na sangay na siyang aatupag sa mga gawaing pagtataya at pag-aaral ng mga disasterng natural.

Pag-aaral ng mga *Natural Disaster* sa Akademya

Hindi nakawala sa atensyon ng mga pantas, paham at mananaliksik sa akademya ang pagdalumat sa paksa ng *natural disaster*. Naging abala ang mga iskolar hindi lamang sa Agham na Natural kundi maging sa Agham Panlipunan na rin patungkol sa konseptwalisasyon ng ilang tema at isyung may kinalaman sa mga *disaster* na nagaganap sa buong mundo. Isang mainam na halimbawa na lamang dito ay ang pagkaabala ng mga iskolar sa mga tradisyong pang-akademiko sa Kanluran na tignan ang estado o kondisyon ng mga lipunan at mamamayan na sadyang lantad sa kondisyon ng pagiging *vulnerable* sapagkat sila ay nasa maling lugar sa maling panahon. Dagdag pa, pinaniniwalaan na ang mataas na bilang ng paglitaw ng *disaster* ay dulot din ng tumataas na bilang ng mga penomenong natural. Samakatwid, upang higit na maiwasan ang kapinsalaan na dulot ng *disaster*, dapat pang paunlarin at pagyamanin ang siyentipikong prediksyon, paghahandang istruktural at pangangasiwang administratibo. Nanatili na ganito ang pagtingin sa mga *disaster*: ang mga ito ay kaganapang pisikal na nangangailangan ng purong lunas na teknokratiko. Bunga ng palasak na pagtingin na ito, nanatili na dominante ang paggigiit ng Kanluran na higit na "lohikal" at "siyentipiko" ang kaalamang nag-uugat at nagbubukal mula sa kanilang tradisyon. Naging palasak rin ang kaisipan na ang mga paksa kagaya ng *hazard* at *disaster* ay mga tema at paksa na dapat atupagin ng mga iskolar sa larangan ng mga agham na natural. Noong Dekada '70, nagsimulang hamunin ng ilang mga iskolar sa Agham Panlipunan ang dominanteng pananaw ukol sa relasyon ng *disaster*, *hazard* at *vulnerabilidad* na tinalakay sa itaas. Binigyang-pansin nila na ang dapat atupagin ay ang pag-determina kung bakit nalalagay sa panganib ang mga komunidad. Higit pa sa pag-aaral ng kalikasan ng mismong *hazard* o *disaster*, may mahigpit ding pangangailangan na sipatin ang iba't ibang dahilan kung bakit may mga komunidad, grupo o populasyon na madalas nalalagay sa peligro o risko. Ayon sa pag-aaral ng ilang mga iskolar-pantas:

"*The emphasis… is placed on what renders communities unsafe, a condition that depends primarily on a society's social order and the relative position of advantage or disadvantage that a particular group occupies within it. Vulnerable populations are those at risk, not simply because they are exposed to hazard, but as a result of marginality that makes their life a 'permanent emergency.' This marginality, in turn, is determined by the combination of a set of variables such as class, gender, age, ethnicity and disability that affects people's entitlement and empowerment, or their command over basic necessities and rights as broadly defined*." (Bankoff, Cultures of Disaster 12)[3]

Samakatwid, maraming salik ang dapat pag-ukulan ng pansin at pag-aralan upang makaalpas sa simplistikong pagtingin na simpleng usaping geograpikal ang *vulnerabilidad* ng ilang grupo ng tao sa mga penomenong natural at gayundin sa *natural disaster*. Higit na masasagot ng larangan ng Agham Panlipunan ang mga salik ng marginalisasyon o pagsasantabi na lalo pang nakaaambag ng pagiging palagiang lantad ng mga mamamayan sa panganib na luwal ng mga *disaster*.

***Disaster Diplomacy* Bilang Lapit sa Pag-aaral ng mga Disasterng Natural: Tatlong Halimbawa**

Ang iskolar na unang nagsulong ng lapit na *disaster diplomacy* ay si Ilan Kelman.[4] Nagtapos siya ng kanyang Doktorado, may espesyalisasyon sa *Disaster Risk Reduction* mula sa Pamantasan ng Cambridge sa Gran Britanya; Masterado at Batsilyer sa *Applied Science* sa Pamantasan ng Toronto,

Canada. Simula taong 1999, pinangunahan niya ang pagbuo at pagsasakatuparan ng ilang proyekto ng pananaliksik na may kinalaman sa *disaster diplomacy* – isang lapit na tumitingin sa ugnayan sa pagitan ng gawain-kooperasyong internasyunal/nasyonal at mga gawaing may kinalaman sa *disaster*. Samantala, noong 2002 naman, pinangunahan din niya ang pagdalumat sa *island vulnerability* kung saan tinataya ang mga hamong kinakaharap ng mga isla at/o bansang may isla sa pagharap nito sa *vulnerabilidad*, panganib at *disaster*.

Bilang panimula, mahalagang bigyang-diin na sa konteksto ng *disaster diplomacy,* hindi limitado ang depinisyon ng *disaster*. Ayon sa Introduksyon na masusumpungan sa websayt nito (http://www.disasterdiplomacy.org/), itinuturing na *disaster* hindi lamang ang mga biglaang pangyayari gaya lindol o pagsabog na industriyal subalit pati na rin ang mga kaganapang nakapaloob sa maikli o mahabang panahon o piryod at nagaganap sa maraming lugar o rehiyong pulitikal-geograpikal gaya ng tagtuyot, epidemiya, at maging mga pagbabagong pandaigdig.

Isinusulong ng *disaster diplomacy* bilang isang balangkas-konseptuwal na ang ilang gawaing may kinalaman sa pagtugon sa *disaster* (halimbawa, bago maganap ang isang *disaster*: mitigasyon, paghahanda, prebensyon at pagkatapos maganap ng isang *disaster*: pagsaklolo, *recovery*, rekonstruksyon, rehabilitasyon) ay magagawang lumikha ng oportunidad-pandiplomatiko sa pagitan ng mga bansa, sa pandaigdigan at pambansang lebel. Upang maging malinaw ang aplikasyon ng naturang kaisipan, iminungkahi ni Kelman ang ganitong tanong: "Ang mga *natural disaster* ba ay nagbubunsod ng kooperasyong internasyunal, maging sa pagitan ng mga bansang ang turing sa isa't isa ay 'katunggali?" (215) Subalit ang salitang "katunggali" na ginamit niya sa naturang katanungan ay hindi basta lamang nangangahulugan na ang dalawang bansa ay nasangkot na sa isang marahas na labanan kundi maaari din na tumukoy sa mga bansa na wala pang malapit na ugnayang pampulitika at pandiplomatiko. Maaari rin naman na ang maging saklaw ng usapin ay mga pagtutulungan sa lebel na pambansa o nasyonal, sa pagitan ng mga grupong may hidwaan o hindi ganap na nagkakaisa Batay sa mga pananaliksik na isinagawa ng mga iskolar, gamit ang balangkas konseptuwal ng *disaster diplomacy* na binanggit sa itaas, napatunayan na ang paglitaw ng mga *natural disaster* ay maaaring maging *catalyst* upang muling buhayin ang diplomasya o ugnayan na mayroon na mula sa nakaraang panahon – anuman ang maging batayan nito, kultural, pang-kalakalan o maging lihim na negosasyon sa mga hidwaan at sigalot (Kelman, Disaster diplomacy: Can tragedy help build bridges among countries? 6). Subalit higit na mahalagang sagutin ang tanong na: kung sakaling nagbunsod ng diplomasya ang isang *natural disaster*, lagi bang matagumpay at pinagtitibay ba nito ang relasyon ng dalawang bansa?

Naglatag si Kelman at iba pang tagasulong ng *disaster diplomacy* gaya nina Michael Glantz, Ben Wisner at JC Gaillard[5] ang apat na gabay-katanungan upang masusing suriin ang isang paksa ng pag-aaral gamit ang naturang balangkas teoretikal (Kelman, Acting on Disaster Diplomacy 221 at Gaillard, Clave at Kelman 514):

1. Naka-impluwensya ba ang mga gawaing may kinalaman sa pagtugon sa *disaster* sa mga ugnayan at gawaing pandiplomatiko? (kung hindi ang kasagutan, wala nang sapat na rason upang gawin itong *case study* ng *disaster diplomacy*.)
2. Nakalikha ba ng panibagong ugnayang pandiplomatiko ang paglitaw ng isang *disaster*?
3. Lehitimo ba ang diplomasyang naganap?
4. Gaano katagal namayani ang ugnayang may kinalaman sa pagtugon sa *natural disaster* at gawaing diplomatiko?

Ang mga katanungan na inilahad sa itaas ay maaaring mabigyang-kasagutan at malinawan sa pamamagitan ng pagtunghay sa resulta ng ilang nakaraang pag-aaral o *case study*. Isang mabuting halimbawa dito ang kaso ng relasyon ng Estados Unidos at Cuba na sa matagal na panahon ay may

malamig na pakikitungo sa isa't isa, bunsod ng mga kaganapang historikal na humubog sa mga patakarang pulitikal ng dalawang bansa. Ang mga matitinding bagyong-buhawi o *hurricane* na sumalanta noong 2001 at 2005 ay nagtulak sa Estados Unidos at Cuba na mag-alok ng tulong sa isa't isa. Gayunpaman, bunga ng hidwaang pulitikal, tinanggihan ng bawat isa ang tulong na inialok ng isa: nang sumalanta ang bagyong Dennis sa Cuba noong Hulyo 2005, mas ninais pa ng Cuba na tanggapin ang tulong ng Venezuela; nang ang Estados Unidos naman ang sinalanta ng bagyong Katrina, nagparating ang Cuba ng intensyon na magpadala ng mga mediko at iba pang suplay-medikal lalo na sa New Orleans, ngunit animo'y nagbingi-bingihan lamang ang una at hindi na sumagot pa (Kelman, Acting on Disaster Diplomacy 228). Samakatwid, sa malalim na pagtatasa ng uri ng ugnayan na namagitan sa dalawang bansa, hindi maikakaila na nabigong maganap ang *disaster diplomacy* sapagkat kapwa iniwasan ng Estados Unidos at Cuba na maganap ito. Ilang bansa pa ang nag-alok ng tulong sa Amerika kagaya ng Venezuela, at Iran subalit hindi naman sila pinansin pa ng Estados Unidos (Kelman at Gaillard, Disaster Diplomacy in Aceh 38). Kaya sa puntong iyon, mahihinuha na hindi masasabing palaging nagsisilbing *catalyst* ang isang *natural disaster* upang maging mabunga ang ugnayang diplomatiko ng dalawang bansa.

Ang halimbawa ng relatibong tagumpay ng *disaster diplomacy* ay ang *case study* sa Africa. Pinaksa ni Ailsa Holloway ang tagtuyot na dinanas ng katimugang bahagi ng Africa noong 1991-1993 sa gitna ng napakabilis na pagpapabagong pulitikal sa rehiyon sa loob ng nabanggit na panahon. Una nang naranasan ng rehiyon ang El Niño noong 1991 na nagbunsod sa isang malalang kakulangan sa pagkain. Naapektuhan ang tinatayang 20 milyon na mamamayan ng sampung bansang miyembro ng *Southern Africa Development Council* (SADC), kasama pa ang ilang nakatira sa South Africa. Naging tagumpay sa partikular na kaso na ito ang *disaster diplomacy* upang maagapan ang naturang tagtuyot sa pagiging isang malaking *disaster*. Kaagad na umaksyon ang labing-isang bansa sa rehiyon ng katimugang Africa na gawin ang lahat ng makakaya para hindi humantong sa isang malalang krisis ng taggutom ang problema ng tagtuyot. Ang kolaborasyong ito ay nagpatuloy lagpas isang taon bago pagkatapos nilang simulan ang pagbubuklod-buklod upang lunasan ang naturang krisis. Mahalaga ang kaganapang ito sapagkat sariwa pa noon ang mga hidwaang pulitikal ng mga bansang sangkot sa naturang krisis subalit nagawa nilang igpawan ang mga pagkakaibang ito tungo sa iisang pagkilos para ma-protektahan ang rehiyon (Holloway 255).

Noong 2007, pinaksa nina Kelman at Gaillard ang *tsunami disaster diplomacy* sa Aceh, Indonesia (Kelman at Gaillard 2007 at Gaillard, Clave at Kelman 2008). Sentro ng kanilang pag-aral ang talakayin, gamit ang lente ng *disaster diplomacy*, kung paano ang isang natural na disaster gaya ng *tsunami* na nananlanta sa Aceh, Indonesia ay nagbigay-daan sa pagpapatuloy ng usaping pang-kapayapaan sa pagitan ng *Gerakan Aceh Merdeka* (GAM) o *Free Aceh Movement* at gobyerno ng Indonesia. Noong Disyembre 2004, labis na naapektuhan ng *tsunami* ang Aceh kung saan tinatayang nasa pagitan ng 165,700 at 167,000 katao ang namatay at nawala samantalang 500,000 katao naman ang nawalan ng bahay. Ang naturang *disaster* ang siyang naglunsad ng pagbuhay ng kamalayan ng mundo sa lugar na ito na matatagpuan sa Indonesia. Noong una, hindi pa ganap na makapag-desisyon ang gobyerno ng Indonesia kung aapela para sa tulong internasyunal dahil hindi pa ito handang iharap sa mundo ang probinsya na sa matagal na panahon ay "sarado" at kontrolado ng militar nito. Nang lumaon, nagpasya rin ang pamahalaan na manawagan ng tulong at hindi naman ito nabigo sa pagdagsa ng mga higit sa limandaang NGO, ahensyang internasyunal na nakahandang magbigay ng tulong at mga puwersang militar na nagtatag ng misyon ng pagtulong sa Aceh. Tunay nga na ang naturang kalamidad ay nagtulak sa magkabilang panig ng GAM at gobyerno ng Indonesia na i-anunsyong muli silang uupo upang talakayin ang usaping pangkapayapaan sa Helsinki, Finland. Ang naganap na *tsunami* ay hindi lumikha ng panibagong ugnayang diplomatiko sa pagitan ng dalawang partido subalit ito mismo ang isa sa mga salik na nagtulak sa kanila upang buksan muli ang diyalogo para sa katahimikan at kaayusan sa naturang

lalawigan ng Indonesia. Dagdag pa, may malaking impluwensya rin ang naturang *disaster* sa paghubog ng mga patakaran ng pamahalaan para sa Aceh at gayundin naman, kung ano ang magiging tugon at aksyon dito ng GAM. Sa pagtatapos ng kanilang pag-aaral, pinahalagahan ng mga awtor ang kakanyahan ng kaso ng Aceh, dahil na rin sa katotohanan na sinipat sa pamamagitan ng balangkas teoretikal na *disaster diplomacy* ang partikular na isyu ng ugnayan ng isang *natural disaster* at panloob na hidwaan sa isang estado.

Natunghayan sa talakayan sa itaas ang tatlong *case study* kung saan inilapat at ginamit ang lapit ng *disaster diplomacy* sa pagtatasa ng iba't ibang klase ng *natural disaster* na naganap sa tatlong kontinente. Napatunayan sa pamamagitan ng tatlong pag-aaral na ibinigay bilang halimbawa na ang mga *natural disaster* ay kadalasan nga na nagbibigay-daan sa muling pagsasabuhay ng ugnayang diplomatiko na dati nang mayroon sa pagitan ng mga bansa o grupo. Gayunpaman, higit na importante sa lahat na mabatid na hindi palaging humahantong sa isang matagumpay na ugnayang pandiplomatiko ang isang pagkakataon na muling mabuksan ang linya ng komunikasyon sa pagitan ng dalawang partido o panig. Dagdag pa, kailangan pang isaalang-alang ang maraming salik (na kadalasang partikular sa sitwasyon/kondisyong sosyo-pulitikal-ekonomiko ng isang bansa) na nagbubunsod sa pagtatagumpay o pagka-udlot ng mabungang kooperasyon tungo sa ikalulutas ng mga sulirinaning hatid ng isang *disaster* o kalamidad.

Bisa at Hinaharap ng *Disaster Diplomacy* Bilang Lapit sa Pag-aaral ng Kasaysayang Pangkapaligiran sa Pilipinas

Noong 2007, gumawa ng panimulang pagtatasa sina Kelman at Gaillard ukol sa tunguhin ng *disaster diplomacy* sa Rehiyong Asya-Pasipiko. Bumuo sila ng tatlong paksain o tema na maaaring pag-aralan para sa naturang rehiyon (Kelman and Gaillard, Disaster diplomacy in the Asia-Pacific region 54): una, uminog ang pagtalakay ng isang paksa sa isang bansa o rehiyon; ikalawa, magtalakay sa ispesipikong kalamidad/*disaster* o kaya ay sa partikular na uri ng *disaster* at ikatlo, tukuyin ang mga *natural disaster* na magbubunsod sa kooperasyong internasyunal.

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansa sa rehiyon na mainam gawing paksa ng isang *case study* upang dalumatin ang "mahigpit na ugnayan sa pagitan ng pulitika at pagpapababa ng risko/panganib mula sa mga *disaster*" (56). Isang halimbawa ng apat na bagyong halos sunod-sunod na sumalanta sa lalawigan ng Quezon noong Disyembre 2004 na nagbunsod naman sa malawakang pagbaha, pagguho ng lupa at pag-anod ng putik.[6] Kagyat na iniugat ang *disaster* na ito sa ilegal na pamumutol ng puno sa kagubatan at nang lumaon ay nag-resulta sa pagbabatuhan ng akusasyon ng pamahalaan at ng *New People's Army* na nakahimpil sa lugar. Ayon sa una, ang huli raw ang siyang may kinalaman sa ilegal na pagto-troso sa lugar. Maraming sektor naman ang bumatikos sa gobyerno dahil sa pagpapabaya nito at hindi pagpapatupad ng mahigpit na kaparusahan sa mga nahuhuling lumalabag sa batas. Sa puntong iyon, nagkasala-salabit na ang usapin at umikot na ito sa pagsisisihan at pagtuturuan ng kung sino ang dapat may responsibilidad at pananagutan, imbes na tutukan ang mas mahahalagang isyu gaya ng pagpapatupad ng mas mahigpit na patakarang pangkapaligiran, patakaran sa pagto-troso o maging ang kaayusan at kapayapaan sa kanayunan.

May ilan pang *natural disaster* na dinanas ang bansa na maaaring pag-aralan gamit ang lapit ng *disaster diplomacy*, taglay ang adhikain na makaambag sa pagpapayabong sa naturang balangkas konseptuwal at pagpapayaman sa literaturang naisulat ukol dito. Ang pagtatangkang ito ay sinimulan na ng isang banyagang iskolar, si Jean-Christophe Gaillard, isang Pranses na gumawa ng gawaing-panlarangan nang pinaksa niya ang pagputok ng Pinatubo para sa kanyang disertasyon at kapagdaka ay naging propesor ng Geograpiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman (tingnan ang http://jc.gaillard.monsite.orange.fr). Si Gaillard ang nag-mungkahi kay Kelman na isama ang Pilipinas sa talaan ng mga bansa kung saan maaaring gamitin ang lapit ng *disaster diplomacy*.

Sa isinagawang pag-aaral-pananaliksik ukol sa malawakang pagbaha at pagka-anod ng putik sa Silangang Luzon, lalo na ang mga bayan ng lalawigan ng Quezon na matatagpuan sa gawing ito, pinatunayan na ang mga grupong sangkot sa usapin ay binubuo ng pambansang pamahalaan, sinisimbulo noon ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo; ng makakaliwang grupo ng *New People's Army* (NPA); at mga pulitikong nasa oposisyon. May pambihirang katangian ang *case study*, lalo at ito ay nataon sa panahon kung kailan mainit ang usapin ukol sa diumano'y naganap na dayaan sa halalang pampanguluhan. Nang maganap ang trahedya ng pagbaha ng putik sa maraming lalawigan sa gawi na iyon ng Luzon, tila nagbatuhan ng putik ang ilang sektor: tahasang inakusahan ng pangulo ang NPA bilang mga *illegal logger*; sinamantala naman pinagbintangan na panig na akusahan ang gobyerno, partikular ang hukbong sandatahan na pino- protektahan at pinagtatakpan ang mga tunay na *illegal logger*. Nakakita rin ng oportunidad ang mga pulitikong miyembro ng oposisyon na isulong ang argumento na malubha kinahinatnan ng trahedya dahil sa pagpapabaya ng administrasyong Macapagal-Arroyo; at umasa na lalo pang makakasaksi ng ganitong mga karima-rimarim na sakuna kung magtatagal pa sa kapangyarihan ang pangulo.

Para sa isang *disaster* na sangkot ang dalawang bansang may soberanya, may panimulang pag-aaral nang ginawa ang naturang iskolar bilang pangunahing awtor (kasama nina Kelman, at Orillos) na may pamagat na *"US-Philippines Military Relations after the Mt. Pinatubo Eruption in 1991: A Disaster Diplomacy Perspective."* Kabilang sa resulta ng pag-aaral ang tatlong mahalagang obserbasyon: (i) ang mga gawaing may kinalaman sa pagtugon sa suliraning bunsod ng pagputok ng Bulkang Pinatubo ay may maliit at maikli lamang na epekto sa ugnayang pandiplomatiko at negosasyon para sa pananatili ng mga base militar, (ii) hindi lumikha ng panibagong relasyong pandiplomatiko ang naturang kalamidad sapagkat may matagal na silang ugnayan, na maiiuugat sa kasaysayan ng dalawang bansa at (iii) sa malaong pagtingin may ilang salik pa na dapat isaaalang-alang sa pagsusuri ng ugnayang pandiplomatiko ng Pilipinas at Estados Unidos.

Ang mga nabanggit na pag-aaral sa itaas ay tiyak na isa lamang sa mahabang listahan ng mga posibleng paksain sa kaso ng Pilipinas. Hindi nagtatapos doon ang uri at talaan ng mga disasterng natural na kinaharap ng bansa sa mga nakalipas na taon o dekada. Ang mga bagyo na palagiang humahagupit sa Pilipinas na nagdudulot ng mga kaugnay na problema ng pagbaha, pagguho ng lupa, pagkamatay, pagkawala ng mga pag-aari; ang lindol na yumanig sa Gitnang Luzon noong 1990; ang nakaririmarim na pagguho ng lupa sa Leyte noong 2006; pagputok ng Bulkang Bulusan at Mayon noong 2006; ang malawakang pagbaha sa Kamaynilaan bunsod ng bagyong Ondoy noong 2009; ay ilan lamang sa mga kalamidad[7] na dapat pagtuunan ng pansin at analisahin kung nakakaambag ba sa muling pagsasabuhay ng ugnayang diplomatiko sa (i) pagitan ng Pilipinas at iba pang mga bansa at (ii) pagitan ng mga grupong sangkot sa *disaster* at pambansang pamahalaan. Importante rin na tignan ang tala ng kasaysayan ng Pilipinas para sa iba pang klase ng *disaster* na hindi karaniwang pinapaksa ng mga pag-aaral gaya ng pagsalakay ng pesteng balang; peste sa hayop gaya ng *rinderpest*, *bird flu*, at iba pa; gayundin ang mga epidemya ng sakit, pagtagas ng dumi ng minahan (*mine tailings*), yayaman din lamang at malinaw namang nakasaad sa Introduksyon ng http://www.disasterdiplomacy.org na malawak ang pagpapakahulugan nila ng *disaster*.

Kabilang rin sa posibleng tema na maaaring talakayin maliban sa pagbibigay-pansin sa mga pangunahing "aktor", i.e. mga partido (pamahalaan vs. makakaliwang grupo/grupong sesesyonista) ay ang palabasin ang isyu ukol sa pakikitungo sa isa't isa ng pambansang pamahalaan at mga grupong etniko na madalas ding nasusuong sa panganib na dulot ng mga natural na kalamidad. Maaaring mapalitaw ang naiibang dimensyon ng ugnayan bunga ng katotohanan na ang mga grupong etniko ay naisasantabi sa lipunang Pilipino.

Sa gitna ng kaakmaan ng paggamit ng lapit ng *disaster diplomacy* upang palalalimin at palawigin pa ang pananaliksik sa larangan ng kasaysayang pangkapaligiran, importante na tasahin ang kahalagahan

ng disiplina ng kasaysayan, partikular ang paggamit ng mga primary at sekundaryang batis at gayundin ang paggamit ng metodong pangkasaysayan. Hindi karaniwang paksang inaatupag ng mga historyador, Pilipino o banyaga man ang paksang *natural disaster*. Higit na maraming iskolar mula sa disiplina ng agham panlipunan gaya ng antropolohiya, geograpiya at sosyolohiya ang nagkaka-interes dito. Gayunpaman, hindi maikakaila na ang mas kritikal na pagtatasa ng angkop na paglalapat ng *disaster diplomacy* ay maaaring isalalay sa kasaysayan, lalo na kung ang ninanais tiyakin o itakdang salik ay tradisyunal na ugnayan ng mga bansa o kaya naman ay mga grupong sangkot sa isang usapin ng *natural disaster*.

Kongklusyon

Tinalakay sa itaas kung ano ang mahahalagang puntos sa likod ng lapit na *disaster diplomacy*. Gayundin, nagbigay ng tatlong halimbawa ng *case study* na gumamit ng naturang lapit kung saan napatunayan na ang ilang *natural disaster* ay maaaring magbunsod sa pagtatagumpay o pagkabigo ng pagpapatuloy ng ugnayang pandiplomatiko ng dalawang bansa o higit pa at sa mga partido na nasa loob ng bansa. Isang hamon partikular na para sa mga iskolar na Pilipino na paksain sa kanilang mga pananaliksik at pag-aaral ang iba't ibang *natural disaster* na palagiang nagaganap sa Pilipinas gamit ang naturang lapit. Mahalaga ang mga pagdadalumat na ito upang makaambag hindi lamang sa pagpapayaman ng mga babasahin ukol sa *disaster diplomacy* kung hindi sa iskolarsyip ukol sa kaukulang isyu na nagmumula sa mga panganib dulot ng mga *disaster*. May pangangailangan din na sumulat sa wikang Filipino ng mga pag-aaral ukol sa masalimuot na isyung may kinalaman sa kalikasan at kapaligiran upang lalo pang payabungin ang wikang pambansa.

Talahuli

[1] Tingnan ang kasaysayan nito sa http://www.observatory.ph/about.php; Miguel Saderra Masó, Historia del Observatorio de Manila : fundado y dirigido por los padres de la Misión de la Compañia de Jesús de Filipinas, 1865-1915 (Manila : E. C. McCullough & Co., Inc., 1915)

[2] Tingnan ang Kabuuang Kasaysayan ng PAGASA sa http://www.pagasa.dost.gov.ph/fullhistory.shtml

[3] May paghahalaw na ginawa si Bankoff sa mga akda nina Kenneth Hewitt, *Regions of Revolt: A Geographical Introduction to Disasters* (1997); Ben Wisner, *Disaster Vulnerability: Scale, Power and Daily Life* (1993) at M. Watts, *Hunger, Famine and the Space of Vulnerability* (1993).

[4] Kalalabas lamang ng aklat niya: Kelman, Ilan. *Disaster Diplomacy: How Disasters Affect Peace and Conflict*. United Kingdom: Routledge, 2011.

Maaaring tingnan ang kanyang websayt sa adres na ito: http://www.ilankelman.org/

[5] Tingnan ang www.disasterdiplomacy.org

Si Michael Glantz ay kasalukuyang, direktor ng Consortium for Capacity Building; tingnan ang kanyang websayt sa: http://ccb.colorado.edu/glantz/

Si Ben Wisner ay isang retiradong propesor ng Geograpiya sa California State University, Longbeach. Matagal nang kilala sa mundo ng akademya bilang isang *environmental social scientist*.

Kasalukuyang propesor si Jean Christophe Gaillard sa University of Auckland, New Zealand; tingnan ang websayt niya : http://jc.gaillard.monsite.orange.fr.

[6] May hiwalay na pag-aaral na isinakatuparan ang tatlong awtor ukol sa paksa na ito: Gaillard, J.-C., C.C. Liamzon, and J.D. Villanueva. "'Natural' disaster? A retrospective into the causes of the late-2004 typhoon disaster in Eastern Luzon, Philippines." *Environmental Hazards* 7:

[7] Tingnan ang The Philippines Disaster Diplomacy ni Jean-Christophe Gaillard sa http://disasterdiplomacy.org

Sanggunian

A Brief History of the Philippine Meteorological Service. 2004. 21 April 2010 <http://www.pagasa.dost.gov.ph/fullhistory.shtml> Web.

Bankoff, Greg. *Cultures of Disaster.* London, Routledge. 2003. Nakalimbag.

Disaster Diplomacy. 2011. 23 April 20011. < http://www.disasterdiplomacy.org>. Web.

Gaillard, J. C., Kelman, I. and Orillos, MF. "US-Philippines Military Relations after the Mt. Pinatubo Eruption in 1991: A Disaster Diplomacy Perspective." *European Journal of East Asian Studies* 8(2009): 301-330. Nakalimbag.

Gaillard J.C., Clavé E., Kelman, I. "Wave of peace? Tsunami disaster diplomacy in Aceh, Indonesia." *Geoforum* 39 (2008): 511-526. Nakalimbag

Glantz, Michael. "Climate-Related Disaster Diplomacy: A US-Cuban Case Study." *Cambridge Review of International Affairs* 14 (2000): 233-253. Nakalimbag.

Holloway, Ailsa "Drought Emergency, Yes...Drought Disaster, No: Southern Africa 1991-93." *Cambridge Review of International Affairs* 14 (2000): 254-276. Nakalimbag.

History. 2004. Manila Observatory. 21 October 2009 <http://www.observatory.ph/about.ph>. Web.

Ilan Kelman Curriculum Vitae. 2008. 23 April 2009 < http://www.ilankelman.org/contact.html>, Web.

JC Gaillard Profile. 2006. 25 April 2010 < http://jc.gaillard.monsite.orange.fr>. Web.

Kelman, Ilan and Gaillard, J.-C. Disaster diplomacy in the Asia-Pacific region. *ISDR Informs Asia & Pacific* 3 (2007): 54-57. Naklimbag.

Kelman, Ilan and Gaillard J.C. "Disaster diplomacy in Aceh." *Humanitarian Exchange* 37(2007): 37-39. Nakalimbag.

Kelman, Ilan. "Acting on Disaster Diplomacy." *Journal of International Affairs* 59 (2006): 215-240. Nakalimbag.

Kelman, Ilan. "Disaster diplomacy: Can tragedy help build bridges among countries?" *UCAR Quarterly* (Fall 2007): 6 Nakalimbag.

Kelman, Ilan. "Beyond Disaster, Beyond Diplomacy," in *Natural Disasters and Development in a Globalizing World*, Mark Pelling, ed., (London: Routledge, 2003): 110-123. Nakalimbag.

Kelman, Ilan. 2006. "Disaster Diplomacy: Hope Despite Evidence?" *World Watch Institute* Guest Essay. Nakalimbag.